

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

**International Exchange at Multicultural Magazine**  
**GIFU INTERNATIONAL CENTER**

2021 Nobyembre **No.151**

© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195



## GINANAP ANG ISANG BUS TOUR NA PINAMAGATANG "TUKLASIN ANG KAGANDAHAN NG PREPEKTURA NG GIFU / PAGDALAW SA MGA KOMpanyA" PARA SA MGA ESTUDYANTENG VIETNAMESE

Kapansin-pansin ang paglago ng ekonomiya maging ang pagdami ng bilang ng mga negosyo sa Prepektura ng Gifu, sa karagdagan upang mapaigting ang pakikipag-ugnayan sa Vietnam kung saan dumarami ang bilang ng mga international students ay itinatag ang "Foreign Students Network Project" upang maitaguyod ang pananatili ng network sa mga tao sa Vietnam.

Bilang bahagi ng proyektong ito, ginanap ang "Tuklasin ang kagandahan ng Prepektura ng Gifu/Pagdawal sa mga Kompanya Bus Tour" upang maitaguyod ang pagkakaunawaan sa pagitan ng mga estudyanteng Vietnamese at ng mga kompanya sa Prepektura na may kaugnayan sa bansang Vietnam.

### Petsa at Oras

Ika-27 ng Hulyo Taong 2021 (Martes) 8:30~16:00

### Mga lumahok

9 na mga nakatalang mag-aaral sa Unibersidad ng Asahi.



### Company Visit

— Trabaho para sa mga dayuhang residente/  
 Mga kompanya sa Prepektura na nakapasok na ang operasyon sa Vietnam —

#### ➤ Suzuki Eikodo Co.,Ltd.(Yoro Logistics Center)

- Pagawaan at wholesaler ng mga confectionery. Nag-e-export din sa mga merkado sa ibang bansa.
- Nagbigay ng payo ang mga empleyadong Vietnamese, impormasyon tungkol sa kompanya at ipinaliwanag din kung ano ang trabaho sa overseas department.



Paliwanag mula sa kinatawan ng kompanya



Nakikinig na Mabuti ang mga international students

Karamihan sa mga estudyante ay hindi pa nakaranas bumisita sa mga kompanya kaya medyo kinakabahan, ngunit aktibo silang nagtanong at nagpahayag ng kanilang mga saloobin at maayos na nakipag-halubilo sa kompanyang binisita.

### Pamamasyal

— Ang kagandahan sa Gifu/Mga makasaysayang lugar sa Prepektura —

#### ➤ Sekigahara Battlefield Museum/Paglibot sa mga makasaysayang lugar(Bayan ng Sekigahara)

- Matapos maranasan sa kanilang limang pandama ang panahon ng Sengoku/ Labanan sa Sekigahara sa teatro at obserbatoryo ng museo, pinangunahan sila ng tour guide sa paglilibot sa mga makasaysayang lugar upang mapalalim ang kanilang pagkaunawa sa makasaysayang pamana ng Prepektura ng Gifu.



Litrato ng grupo sa harapan ng museo



Lugar ng labanan sa Sekigahara

Ang tour ay naging isang magandang pagkakataon upang matutunan ang tungkol sa kasaysayan ng panahon ng Sengoku at madama ang kagandahan ng Gifu at Sekigahara.

- Mga nilibot na makasaysayang lugar:
  - ① Bakas ng huling kampo ni Tokugawa Ieyasu
  - ② Lugar ng makasaysayang labanan
  - ③ Bakas ng kampo ni Ishida Mitsunari

## Kursong Pagsasanay para sa mga Boluntaryong Tagapagturo ng wikang Japanese sa mga Anak ng mga Banyagang Residente

Bilang tugon sa dumaraming bilang ng mga batang dayuhang residente, ang center ay nagsasanay ng mga tagasuporta sa pag-aaral ng mga bata sa pamayanan.

Sa pagkakataong ito, isinagawa ang mga sumusunod na kursong pagsasanay: Lekturang ang paksa ay para sa mga batang papasok ng senior high school, pag-aaral ng wikang Japanese, pagtalakay sa mga paksang aralin (subject), pagbisita sa mga silid-aralan na nagsasagawa ng mga makabagong suporta sa pag-aaral, at pagpapalitan ng mga kuro-kuro.

**Lugar** Multicultural Center Frevia (Kani City), Zoom web conferencing system

**Mga Lumahok** Ang mga interesadong sumuporta sa pagtuturo ng wikang Japanese sa mga batang dayuhan. Mga sumusuporta sa pag-aaral ng mga lokal na klase ng wikang Japanese atbp.

	Petsa at Oras	Nilalaman	Kalahok	Tagapagturo
1	Ika-29 ng Hulyo (Huwebes) 13:00~16:00	Pagpasok sa Senior High School/ Suporta sa Kurso (Lektura at pagbisita sa silid-aralan (Suporta sa mga papasok ng Senior High School [Satuki class]))	Venue 14 katao	Kani International Exchange Association Ms. Mayumi Kakamu Executive Director
2	Ika-10 ng Agosto (Martes) 13:00~16:00	Pagtalakay ng paksang aralin na may kinalaman sa pagtuturo ng wikang Japanese~ Pagpapalitan ng mga aktibidad para sa suporta sa pag-aaral ng wikang Japanese~(Lektura)	Venue 18 katao Zoom 30 katao	Tokyo Gakugei University Ms. Hiromi Saito Professor
3	Ika 26 ng Agosto (Huwebes) 10:00~12:00	Suporta sa pag-aaral ng wikang Japanese para makapagpatala sa paaralang nais pasukan (Lektura)	Zoom 12 katao	Kani City Board of Education (Rose class Kani) Mr. Toshikazu Wakahara Director Ms. Oguchi Yuko Coordinator and Instructor



Lektura



Pagbisita sa silid-aralan

- Ang ika-4 na sesyon ay ipinagpaliban o sinuspindi dahil sa pagkalat ng COVID-19.
- Kooperasyon: (NPO) Kani International Exchange Association

## Para sa mga nabakunahan na laban sa COVID-19

### Tungkol sa Vaccine Passport (para sa mga maglalakbay sa ibang Bansa)

Ang mga munisipalidad ay tumatanggap ng mga aplikasyon para sa mga Vaccine Certificates, na opisyal na patunay ng pagkumpleto ng bakuna sa COVID-19 (Vaccine Passport).

**Mga Kuwalipikado** Ang mga nakatugon pareho sa mga sumusunod na 2 kundisyon

- (1) Tumanggap na ng bakuna laban sa COVID-19 batay sa batas ng pagbabakuna dito sa Japan.
- (2) Kapag maglalakbay sa ibang bansa ay kailangan ang sertipikong ito upang mapadali ang mga hakbang sa kuwarantinas ng bansang iyong pupuntahan.

Dahil dito, ang mga sumusunod ay hindi kuwalipikado.

- Ang mga walang planong maglakbay sa ibang bansa.
- Ang mga nabakunahan sa ibang bansa

(Ang mga nabakunahan ngunit hindi nakabatay sa batas ng pagbabakuna sa bansang Japan.)

**Lugar ng Aplikasyon** Ang munisipyo kung saan nanggaling ang iyong vaccination coupon (Karaniwang ang munisipyo kung saan ka nakarehistro)

**Mga Kailangan** (1) Application Form (2) Balidong pasaporte para sa paglalakbay sa ibang bansa (3) Vaccination coupon o di kaya ay mga dokumentong pagkakakilanlan (4) Sertipiko ng pagkabakuna o tala ng pagkabakuna

Tandaan: May mga pagkakataong maaaring kailanganin ang iba pang mga dokumento.

Ang impormasyong ito ay maaaring mabago depende sa sitwasyon ng impeksyon.

Para sa mga bagong impormasyon at detalye para sa tiyak na pamamaraan ng aplikasyon ay mangyaring makipag-ugnayan lamang sa munisipalidad na inyong kinabibilangan.

\* Ang artikulong ito ay nakabatay sa website ng Ministry of Health, Labour and Welfare ([https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine\\_certificate.html](https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_certificate.html))

### Sa Lahat ng mga Taong Nabakunahan na!

Kahit tapos ng magpa-bakuna, maaari pa ring ma infect ng COVID-19.

Bagaman ang epekto ng pag-iwas sa simula ay kasing taas ng halos 95%, ang epekto ay makikikita 1 hanggang 2 linggo pagkatapos ng pangalawang bakuna. Ang isang pagbabakuna ay hindi sapat.

Bilang karagdagan, ang impeksyon ay hindi maiiwasan 100% kahit na pagkatapos ng ikalawang bakuna.

Manatiling alerto kahit na tapos ng magpabakuna,

[Magsuot ng Mask] [Hugasang mabuti ang kamay · Paggamit ng hand sanitizer]


[Hindi lamang ang pag-iwas sa 3 C's, kahit 1 lamang sa 3 C's ay dapat iwasan] [Huwag pilitin kung masama ang pakiramdam] mangyaring ipagpatuloy ang Masusing Hakbang ng Pagpapatupad ng "New Behavior Guidelines"

# Impormasyon para sa mga Banyagang Residente

## Tungkol sa Health Insurance matapos magretiro sa kompanyang pinapasukan

Sa Japan, ang lahat ng mga mamamayan ay kinakailangang pumasok sa pampublikong health insurance. Sa pamamagitan ng pagpasok sa health insurance, 30% lamang(\*1) ng halaga sa pagpapagamot ang kailangang bayaran. Makakatanggap din ng mga benepisyo sa panahon ng panganganak. Mangyari man na kinailangan mo ang malaking halaga sa pagpapagamot ay maaari kang pumunta ng ospital ng payapa ang iyong isipan.

**Halimbawa: Nagpapagamot ka na nagkakahalaga ng ¥ 10,000**



Ang health insurance ay may iba't ibang uri tulad ng Health Insurance Society, Mutual Aid association, National Health Insurance atbp. Kabilang sa mga ito ang Japan Health Insurance Association (Kyokai kenpo)(\*2) kung saan may pinakamaraming kasapi.

Sa artikulong ito, ipaliliwanag kung ano ang dapat gawin sa health insurance kapag tumigil sa trabaho. Ang insurance premium ay maaaring mabago depende sa mga kundisyon, gawin ninyo itong sanggunian lamang.

(\*1)Maaari itong mabago depende sa edad at sa iba pang mga kadahilanan.

(\*2)Ang Japan Health Insurance Company Association ang siyang nagpapatakbo ng pampublikong health insurance kung saan karamihan ng mga kasapi ay mga empleyado at ang kanilang pamilya na nagtatrabaho sa mga maliit at katamtaman ang laking mga kompanya.

## Proseso matapos magretiro sa trabaho

### Olbalik ang insurance card sa iyong pinagtatrabahuhan.

Magmula sa sumunod na araw matapos mong tumigil sa trabaho ay hindi mo na maaaring gamitin ang insurance card. Mangyaring ibalik ito sa kompanya kasama na ang sa mga miyembro ng iyong pamilya.

### Oltagawa ang marapat na proseso upang makapasok sa mga health insurance na nabanggit sa ibaba.

May ilang uri ng health insurance na maaari mong salihan matapos tumigil sa trabaho tulad ng "National Health Insurance" at "Family Health Insurance" (para sa mga dependents). Ang Japan Health Insurance Association ay may opsyunal na sistema na nagbibigay-daan sa mga gustong sumali sa loob ng 2 taon lamang matapos tumigil sa trabaho. Mangyaring piliin ang susunod na kompanya ng health insurance sa pamamagitan ng paghahambing ng mga insurance premium.

Suskritror	Opsyunal na Sistema ng Japan Health Insurance Association	National Health Insurance	Family Health Insurance (Para sa mga dependents)
Lugar ng Aplikasyon	Sangay ng Japan Health Insurance Association kung saang Prepektura ka nakatira	Kagawarang namamahala ng National Health Insurance sa Munisipyo kung saang lugar ka nakatira.	Sa kompanyang pinagtatrabahuhan ng iyong pamilya
Mga Kundisyon sa pagpasok	<ul style="list-style-type: none"> <li>Dapat ay naging miyembro ng Japan Health Insurance Association ng mahigit 2 buwan bago tumigil ng trabaho.</li> <li>Ang proseso ay kailangang makumpleto sa loob ng 20 araw mula sa sumunod na araw ng petsang tumigil sa pinagtatrabuhang kompanya.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Hindi miyembro ng kahit na anong uri ng health insurance o di kaya ng sistemang medikal para sa matatanda.</li> <li>Hindi tumatanggap ng tulong mula sa gobyerno (seikatsu hogo).</li> <li>May status of residence na mahigit sa 3 buwan.</li> <li>*Sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa sangay ng National Health Insurance sa munisipyong inyong kinabibilangan.</li> </ul>	Mangyaring makipag-ugnayan lamang sa tanggapan ng kompanyang pinagtatrabahuhan ng inyong pamilya.
Insurance Premium	Doble ang halaga kaysa noong nagtatrabaho pa. *May maximum limit ang halaga.	Depende sa kinita nang nakaraang taon at kung ilang miyembro ng pamilya ang kasali.	Walang insurance premium ang mga dependents

## Proseso sa pagpasok sa opsyunal na sistemang boluntaryong pagpapatuloy ng Japan Health Insurance Association

- Mag-impenta ng "Pormularyo ng Kahilingan para sa Boluntaryong Pagpapatuloy ng Insurance" sa website ng Japan Health Insurance Association
- Kailangang maipasa (makarating) sa loob ng 20 araw magmula sa sumunod na araw nang tumigil sa trabaho.
  - Pormularyo ng "Kahilingan para sa Boluntaryong Pagpapatuloy ng Insurance" (Acquisition of Eligibility for Any Successive Insured Person)
  - Mga dokumentong nagpapatunay sa kinikita ng mga dependents
- (\*1)Padala ito sa sangay ng Japan Health Insurance Association ng Prepektura kung saan kayo nakatira.
- (\*2)Maliban sa mga wala pang 16 na taong gulang. Ang iba pang mga dokumento tulad ng residence card ay maaaring kailanganin.
- (\*3)Sa Pangkalahatang tuntunin, ang mga dependents ay kailangang sa Japan nakatira.
- (3) Matapos makumpleto ang proseso ng aplikasyon, padadalhan ka ng insurance card sa bahay kasama ang payment slip. Mangyaring bayaran ito bago dumating ang takdang petsa ng pagbabayad.

### Japan Health Insurance Association (Kyokai kenpo) Sangay ng Gifu

〒500-8667 Gifu-shi, Hashimoto-cho 2-8 Nohi Nissei Bldg. 14F  
058-255-5155 (Kinatawan) Oras ng Tanggapan: 8:30~17:15  
(Maliban sa Sabado, Linggo, Pista Opisyal, Pagtatapos ng Taon at Bagong Taon)  
<https://www.kyoukaikenpo.or.jp/shibu/gifu/>

Ang impormasyon ay inihahatid sa mga wikang Japanese, English, Chinese, Portuguese at Vietnamese



## Close up!

Ipinakikilala,  
aktibong organisasyon  
sa Prepektura

# YORO INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION



Ang Yoro International Exchange Association ay itinatag noong taong 1998 sa layuning mapaunlad ang pamayanan at magkaroon ng kontribusyon sa internasyonal na pagkakaibigan nang makayang tugunan ang internasyonalisasyon. Mula taong 2,000 ito ay pinangunahan ng pribadong sektor, sa tulong ng pamayanan sa pangunguna ng mga boluntaryong miyembro, ito ay nagsasagawa ng mga aktibidad sa larangan ng pakikipag-ugnayang pang-internasyunal, mga pagsasanay at mapayapang pagsasamahan.

Sa ngayon ang bilang ng mga miyembro ay 106 katao kabilang ang mga nasa labas ng bayan, mayroon ding mga 20 kasapi sa pagsuporta (mga kompanya), sa kasalukuyan ang mga kurso ng pagluluto sa Vietnam, China, Germany atbp., mga lektura sa mga bansang tulad ng Turkey, Brazil, at Rwanda at pagsasaliksik ng kasaysayan kasama ang mga dayuhang trainee, pagtitinda ng mga pagkain at mga panlibangang aktibidad, maging mga events na pambata katulad ng "Halloween party" at "English for Kids", gayundin ang "Christmas party" na may potluck ng mga pagkain, kantahan at mga palaro ay patuloy na isinasagawa sa loob ng 23 taon.

Mula noong nakaraang taon ang pagkalat ng COVID-19 ay nagpahirap upang isagawa ang mga karaniwang aktibidad, kung kaya't ipinagpatuloy naming ang mga aktibidad sa online. Noong Hunyo, nagsagawa kami ng isang pagpupulong ng mga kasaping nakakonekta sa New York at sa iba't ibang panig ng Japan, nakatanggap kami ng mga nakakaantig-damdaming mensahe mula sa mga bansang Vietnam at Germany. Pagkatapos nito ay regular na binuksan ang Wawawa Salon (WA 和輪サロン) kung saan aming napag-alaman ang kasalukuyang kalagayan ng India at New Zealand. Nagsagawa din ng sesyon ng pakikipag-palitan pag-uulat sa lungsod ng Bad Soden, Germany na sa mahabang panahon ay may kaugnayan sa bayan ng Yoro.

Bilang tugon sa patuloy na mga aktibidad ng pakikipag-ugnayang pang-internasyonal na pinangunahan ng pribadong sektor, tinganggap naming ang isang parangal mula sa pamayanan ng Yoro noong nakaraang taon buwan ng Nobyembre, at ngayong taon naman ng Mayo ay tumanggap uli kami ng parangal mula sa Prepektura ng Gifu. Mula sa Yoro, ikinagagalak namin ang pagkakaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga tao sa buong mundo, ang mga pagsasanay sa mga sama-samang pamumuhay ng iba't-ibang kultura, ang mga aktibidad na may mahahalagang karanasan at masayang pakikipagkilala ay malugod naming ipagpapatuloy.



Baliktanaw sa nakaraan



Sinubukang magluto

## COVID-19 INFORMATION

**Kung may anumang problema,  
tumawag lamang sa amin!**

Mga ganitong problema:

- "Para akong nilalagnat ... hindi kaya nahawa ako ng COVID-19?"
- Nahihirapan na kami sa araw-araw dahil nabawasan ang kita sa epekto ng COVID-19. and it's hard to make ends meet
- "Paano magpa- vaccine?"
- "Sa paano pwedeng mag pa PCR, dahil nais umuwi sa sariling bansa?"



**COVID-19 Foreign Language  
Consultation Center TEL 058-263-8066  
(14 Languages available)**

Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

## INFORMATION

### Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

Huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin tungkol sa anumang mga problema na may kaugnayan sa inyong pang-araw-araw na buhay (buwis, pabahay, edukasyon, Welfare, atbp.). Susuportahan namin kayo sa paglutas ng inyong mga problema sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang mga pampublikong institusyon.

※Medical Interpreters ay hindi available.

**Office Hours** : Lunes hanggang Biyernes 9:30~16:30

※Maliban sa Pagtatapos ng Taon at mga Pista Opisyal

**Numero ng Telepono** : 058-263-8066

**Wika** : English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Indonesian, Thai, Khmer (Cambodia), Nepali, Myanmar, Spain, Malay at Mongolian

## Inilathala ng

### Gifu International Center (GIC)

Gifu Chunichi Bldg., 2F,  
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875  
☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067

E-mail [gic@gic.or.jp](mailto:gic@gic.or.jp) URL <https://www.gic.or.jp>

Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00

Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon

Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

## Petsa ng Isyu

### 2021 Nobyembre 1

(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

